

Isang Gabay ng Magulang Para sa Pag-unawa sa Alternate English Language Proficiency Assessments for California (Alternate ELPAC)

Alam namin na maraming kakayahang dala sa silid-aralan ang mga estudyanteng nag-aaral ng iba't ibang wika. Alam din namin na kung minsan, kailangan ng mga estudyanteng ito ang suporta sa silid-aralan para maging mahusay sila sa sining sa wikang Ingles, matematika, siyensiya, kasaysayan, at iba pang larangan ng asignatura.

Sino ang Kumukuha ng mga Pagsusulit na Ito?

Ang mga estudyante na may pinakamalubhang kapansanan sa pag-unawa at isang, o maaaring maging, estudyanteng nag-aaral ng Ingles ay karapat-dapat na kumuha ng Alternate ELPAC. Ang Initial Alternate ELPAC ay ibinibigay sa mga estudyante na hindi Ingles ang pangunahing wika. Ang Summative Alternate ELPAC ay ibinibigay sa lahat ng estudyanteng nag-aaral ng Ingles.



Bakit Kinukuha ng mga Estudyante ang mga Pagsusulit na Ito?

Ang Alternate ELPAC ay ang pagsusulit na ginagamit namin para masukat kung gaano kahusay na nauunawaan ng mga estudyante ang Ingles kapag hindi ito ang wikang ginagamit nila sa bahay. Sinusuri ang mga receptive skill ng mga estudyante sa pagbabasa at pagsasalita, at ang mga expressive skill nila sa pagsusulat at pagsasalita, na magbibigay ng impormasyon sa guro ng iyong anak tungkol sa mga larangan kung saan kailangan ng dagdag na suporta ng iyong anak.

Kailan Kukunin ng mga Estudyante ang mga Pagsusulit na Ito?

Ang Initial Alternate ELPAC ay isang beses lang ibinibigay sa mga estudyante, sa loob ng 30 araw pagkatapos mag-enroll sa paaralan sa California. Kung mauuri sila bilang estudyanteng nag-aaral ng Ingles, ibinibigay ang Summative Alternate ELPAC tuwing tagsibol hanggang sa maiba ang klasipikasyon ng mga estudyante tungo sa pagiging mahusay sa Ingles. Makakatanggap ka ng karagdagang impormasyon mula sa inyong paaralan tungkol sa mga espesipikong petsa at oras ng pagsusulit.

Paano Kinukuha ng mga Estudyante ang mga Pagsusulit na Ito?

Ang mga pagsusulit na ito ay hindi inoorasan, isinasagawa sa computer, at isa-isang isinasagawa kasama ang tagapagbigay ng pagsusulit na pamilyar sa estudyante at sa pangangailangan nila. Ang iyong anak ay maaaring gumamit ng sign language, pagtitig ng mata, pagturo, mga kumpas, device para sa alternatibong komunikasyon, o iba pang kahaliling paraan para maunawaan at maihayag ang impormasyon.

Anong mga Materyales ang Makukuha?

Magkaka-access ang iyong anak sa mga materyales na kailangan nila kapag kinukuha ang pagsusulit. Bukod sa mga nakatala sa kanilang aktibong programa ng pang-indibidwal na edukasyon (individualized education program, IEP), maaaring gumamit ang mga estudyante ng iba pang instruksiyonal o pisikal na materyales. Pwede mong kausapin ang guro ng iyong anak tungkol sa iba pang makukuhang materyales na maaaring makatulong sa iyong anak.

Paano Ko Matutulungan ang Anak Ko?

- Ipaalala sa iyong anak na gusto mo at ng kaniyang guro na gawin niya ang kaniyang buong makakaya at nariyan ka para tulungan siya sa bawat pagkakataon.
- Magpunta sa [website ng Starting Smarter](#) para mas maunawaan ang Mga Ulit sa Iskor ng Estudyante, suriin ang mga halimbawang tanong, at i-access ang mga materyales para suportahan ang pagkatuto ng iyong anak.
- Kumuha ng praktis na pagsusulit kasama ang iyong anak mula sa [CAASPP at ELPAC Practice and Training Tests web page](#).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga iskor ng iyong anak, makipag-ugnayan sa guro ng iyong anak at/o sa opisina ng paaralan.

